THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Kagalingan ng senior citizens, itinataguyod ng pamahalaang pan-lalawigan

VOLUME I No. 20

March 28, 2022 - April 03, 2022

## DOST MIMAROPA News

# Sablayan Municipal Health Office receives RxBOX Telemedicine Device




DOST-MIMAROPA through its Provincial S&T center in Occidental Mindoro provided Sablayan Municipal Health Office an RxBox biomedical telemedicine device to enhance people's access to quality healthcare services in the municipality. The RxBox was turned over to Municipal Mayor Andres D. Dangeros and several municipal health officers last February 15, 2022.

RxBox is a telemedicine device that can be used for diagnostic procedures in rural areas. It is also capable for storing electronic medical records and transmitting health information via internet for referral of patient's medical information for further medical care.
The RxBox is composed of six (6) medical sensors which include Cardiotocograph (CTG), Fetal Heart Rate Monitor, Electrocardiogram (ECG), Blood Pressure Monitor, Pulse Oxymeter, and a Temperature sensor which can help health workers diagnose and monitor patients within the rural health facility. The RxBox is expected to provide stakeholders, most especially those living far away from hospitals and clinics immediate and free access to healthcare.

According to the Sablayan Municipal Health Officer the RxBox will greatly aid in providing healthcare services, most importantly in ensuring maternal health of Sablayan residents. "Nagpapasalamat po kami sa DOST at nagkaroon kami ng ganitong telemedicine device. Ito po ay aming magagamit lalo na sa aming paanakan.".

The Local Government Unit of Sablayan (LGU-Sablayan) is one of the seven (7) municipalities in the Province of Occidental Mindoro to receive the RxBox. Other municipalities include Abra De Ilog, Calintaan, Looc, Lubang, Magsaysay, and San Jose.

THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN


REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT


THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM



*Blessing of Multi-purpose Building at the Calapan City Agricultural Demonstration Center in Bgy. Biga, Calapan City. The building will serve as a training facility for farmers.*












**WE ARE OPEN TO CONTRIBUTORS AND WRITERS, PLEASE SEND ARTICLES, IDEAS AND INQUIRIES TO**

**website:**
**www.tamaraojournal.com**
**tamaraojournal@gmail.com**

# Kagalingan ng senior citizens, itina-taguyod ng pamahalaang panlalawigan



"ANG INYONG MALAWAK NA KARANASAN ng pagsusulong ng pag-unlad ng ating lalawigan ang siyang pamanang dapat tularan ng mga kabataan."

Ito ang binigyang-diin ni Governor Humerlito "Bonz" Dolor sa pagpupulong ng Federation of Senior Citizens of Oriental Mindoro (FESCORM) na ginanap sa Tamaraw Hall sa Kapitolyo noong Marso 24.

Ayon sa Gobernador, simula nang siya ay manungkulan bilang Punong Lalawigan, marami na siyang naipagawang senior citizens building sa iba't ibang bayan. Naniniwala, aniya, siya na malaki pa rin ang maiaambag ng mga ito hindi lamang sa pagtulong sa kapwa nila senior citizen kundi maging sa pagpapaunlad ng kani-kanilang komunidad.

Masaya rin niyang ibinalita sa mga lolo't lola na sa mga susunod na araw ay sisimulan na ang konstruksyon ng Senior Citizens Center sa tabi ng OMPH sa Brgy. Sta. Isabel, Calapan City. Ang nabanggit na dalawang palapag na gusali ay kabibilangan ng tanggapan sa unang palapag samantalang dormitoryo naman ang ikalawang palapag.

Nangako rin ang Gobernador na magkakaloob ng P300,000 tulong pinansyal para sa maintenance and other operating expenses ng pederasyon upang makatulong sa iba't ibang gastusin ng mga ito.

Taos-pusong pasasalamant ang ipinaabot sa Gobernador ni FESCORM President Maura Javier.

Dumalo sa gawain ang mga opisyal ng Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA) mula sa 14 na bayan at 1 lungsod. Pinangasiwaan ang pagpupulong ng Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO).

**For you commercial print needs! Offset and Digital Printing Services, we specialize in Yearbooks, notebooks, brochures, marketing collaterals like custom folders and giveaways**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com**
**09175668361**



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 20 March 28, 2022 - April 03, 2022

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo, Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD, CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# PRC mobile services isinagawa sa kapitolyo



GINAGANAP ANG RENEWAL OF PRC licenses ng may 300 public school teachers sa lalawigan sa isinasagawang 2-day PRC Mobile Services sa Bulwagang Panlalawigan, Capitol Complex noong Marso 24-25.

Matatandaang inisyatiba ito ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Governor Bonz Dolor sa pamamagitan ng Education and Employment Services Division (EESD) na tiyaking naaalalayan ang mga professional na Mindoreño.

Matatandaan namang nauna nang nagkaroon ng online pre-registration at iba pang kaugnay na online transaction sa PRC ang mga nagpoproseso ngayong araw na dahilan upang maging mas mabilis ang ginagawang pagpoproseso.

Ayon kay San Agustin National High School (SANH) Senior High Coordinator Merlita Cezar-Maranan at Balite Mangyan School Teacher Jomhar C. Balderama malaking tulong sa kanila ang ginagawang pamamaraan ng Pamahalaang Panlalawigan dahil nakakatipid na anila, sila sa pamasahe, malaking kaalwanan pa anila pa, dahil hindi na nila kakailanganin pang lumuwas ng mainland luzon para magproseso ng kanilang lisensya.

Samantala, ayon sa datos ng EESD maliban sa 300 slots na makakapagrenew at nakapag renew na ng kanilang mga lisensya, may karagdagang bilang ng mga propesyunal ang naserbisyuhan ng PRC katulad ng naka-avail ng 100 authentication of documents at 100 issuance of certificate.